# BC PharmaCare

## PharmaCare coverage para sa insulin pumps

Sinasakop ng PharmaCare ang insulin pumps para sa mga eligible na indibidwal na may type 1 diabetes o iba pang mga anyo ng diyabetis na nangangailangan ng insulin.

### Sino ang makakakuha ng coverage

Ang insulin pump coverage ay available sa mga táong tumutupad sa lahat ng mga sumusunod na criteria:

- May type 1 diabetes o iba pang anyo ng diyabetis na nangangailangan ng insulin
- Sakop sa ilalim ng Fair PharmaCare plan, Plan C (Income Assistance), Plan F (Mga Batang nasa At Home Program) o Plan W (First Nations Health Benefits)
- May kompirmasyon mula sa kanilang endocrinologist o diabetes specialist na sila'y tumutupad sa medical criteria
- Ang request ng kanilang espesyalista para sa Special Authority coverage ay naaprubahan

Kung wala kang Fair PharmaCare coverage, maaari kang magrehistro sa gov.bc.ca/ahdc

### Paano makakuha ng coverage

Kausapin ang iyong endocrinologist o diabetes specialist. Kung natutupad mo ang medical criteria, magsa-submit sila ng request sa PharmaCare para sa Special Authority coverage. Kung ang request ay naaprubahan, bibigyan ka ng iyong espesyalista ng kopya ng approval letter. Ipakita ang sulat sa pump manufacturer kapag binili mo ang iyong pump. Hintayin ang sulat bago mo bilhin ang iyong pump. Hindi masasakop ng PharmaCare ang mga binili bago nakompirma ang pag-apruba.

### Ang halaga na sinasakop ng PharmaCare

Ang PharmaCare ay may coverage para sa Omnipod Insulin Management System (Insulet), o YpsoPump (Ypsomed)*. Kung natiyak ng iyong endocrinologist o diabetes specialist na ang mga sistemang ito ay hindi klinikal na naaangkop para sa iyo, maaaring maglaan ng eksepsyon at magbigay ng coverage para sa isang MiniMed Insulin Pump System (Medtronic).

### Ang halaga na sinasakop ng PharmaCare

Ang personal diabetes manager ng Omnipod system ay available nang libre, anuman ang iyong PharmaCare plan o anumang deductible na maaaring mayroon ka. Ang Ypsomed* starter kit ay sinusupply sa halaga ng $800; ito'y inaaplay sa iyong Fair PharmaCare deductible/family maximum.

Ang pods ng Omnipod at infusion sets at supplies ng Ypsomed ay sinasakop tulad ng sumusunod:

- Sa ilalim ng Fair PharmaCare, babayaran mo ang insulin pump supplies hanggang umabot ka sa iyong deductible, at pagkatapos ay 70 porsiyento ng gastos hanggang umabot ka sa iyong family maximum. Pagkatapos ay isasakop ng PharmaCare ang 100 porsiyento ng mga gastos
- Kung ikaw ay sakop sa ilalim ng Plan C (B.C. Income Assistance), Plan F (Mga Bata sa At Home Program), o Plan W (First Nations Health Benefits), isasakop ng PharmaCare ang 100 porsiyento ng gastos

Kung aprobado ka para sa coverage ng MiniMed pump bilang isang eksepsiyon:

- Sa ilalim ng Fair PharmaCare, babayaran mo ang insulin pump at supplies hanggang umabot ka sa iyong deductible, at pagkatapos ay 70 porsiyento ng gastos hanggang umabot ka sa iyong family maximum. Pagkatapos ay isasakop ng PharmaCare ang 100 porsiyento ng mga gastos
- Kung ikaw ay sakop sa ilalim ng Plan C (B.C. Income Assistance), Plan F (Mga Bata sa At Home Program), o Plan W (First Nations Health Benefits), isasakop ng PharmaCare ang 100 porsiyento ng gastos

* Limited ang availability ng Ypsomed pumps.

## Saan makakabili ng insulin pump

Bilhin ang iyong insulin pump mula sa isa sa vendors na ito sa B.C. na aprobado ng PharmaCare:

- Insulet Canada Corporation
- Medtronic of Canada Ltd.
- Ypsomed AG

## Gaano kadalas isasakop ng PharmaCare ang isang bagong pump

Sinasakop ng PharmaCare ang isang insulin pump bawat 5 taon at hindi nito sinasakop ang pagpapaayos nito. Ang bawat device ay may kasamang 5-year manufacturer warranty. Mainam na tanungin ang iyong home insurance kung sinasakop nito ang anumang sira sa pump na hindi sakop ng warranty ng manufacturer.

## Kung hindi na umaandar ang iyong pump makalipas ang 5 taon

Kung ang iyong pump na sakop ng PharmaCare ay mahigit na 5 taon na at hindi na maaaring ayusin, kontakin ang manufacturer. Humingi ng sulat na nagkokompirma ng iyong petsa ng expiry ng iyong warranty. Dalhin ang sulat sa iyong endocrinologist/diabetes specialist. Isasama nila ito kapag nagbigay sila ng bagong request para sa PharmaCare insulin pump coverage.

## Kung mayroon ka nang sariling insulin pump na hindi sakop ng PharmaCare

Ang PharmaCare coverage ay available kung natutupad mo ang criteria para sa PharmaCare insulin pump coverage, kung ang iyong kasalukuyang pump ay 4 o higit pang taon ang kalumaan, at kung paso na ang warranty ng manufacturer. Kontakin ang pump manufacturer at hingan ito ng sulat na nagkokompirma ng iyong petsa ng expiry ng iyong warranty. Dalhin ang sulat sa iyong endocrinologist/diabetes specialist.

Isasama nila ito kapag nagbigay sila ng bagong request para sa PharmaCare insulin pump coverage.

## Insulin pump supplies

Sinasakop ng PharmaCare ang ilang mga takdang insulin pump supplies kung ikaw ay sakop ng Fair PharmaCare, Plan C (B.C. Income Assistance), Plan F (At Home Program) o Plan W (First Nations Health Benefits).

Ang coverage ay available, sakop man ng PharmaCare ang iyong pump o hindi. Hindi mo kailangan ng pre-approval ng PharmaCare para sa insulin pump supplies.

Para maging eligible para sa coverage, ang supplies ay dapat bilhin mula sa pump manufacturer o isang botika. Isa-submit nila ang claim sa PharmaNet. Ang PharmaCare ay hindi maaaring tumanggap ng paper claims para sa insulin pump supplies.

Sinasakop ng PharmaCare ang mga ispesipikong infusion sets/kits at insulin pump reservoirs/cartridges. Hindi sinasakop ng PharmaCare ang mga bateriya, mga takip ng bateriya, adhesive pads, atbp.

### Karagdagang impormasyon

Para sa karagdagang impormasyon, kausapin ang iyong endocrinologist o diabetes specialist, o kontakin ang PharmaCare: Lunes hanggang Biyernes, 8 am hanggang 8 pm at Sabado 8 am hanggang 4 pm

- Mula sa Lower Mainland: 604-683-7151
- Mula sa ibang bahagi ng B.C., toll-free: 1-800-663-7100

### Online resources

- Magrehistro para sa Fair PharmaCare: gov.bc.ca/ahdc